

1

Magaan na magaan ang pakiramdam ni Jean. Parang napakaganda ng mundo nang araw na iyon. Iyon ang iniisip niya nang tapunan ng maluwang na ngiti si Marcela, miyembro ng housekeeping staff.

“Masaya yata kayo,” puna tuloy nito.

Nakangiti pa ring tumango siya. Nanatili ang ngiti sa kanyang mga labi hanggang magsara ang pinto ng nilulanang elevator na magdadala sa kanya sa palapag na kinaroroonan ng condominium unit ng pinsan niya.

Masaya siya dahil nagkasundo kaagad sila ng kliyente sa gagawing pag-aayos ng interior ng bagong bahay nito at ayon dito, muling kukunin ang serbisyo niya sa pagdidisenyo naman ng looban ng guesthouse nito sa probinsya. Hindi lang iyon, nangako itong irerekomenda siya sa mga kakilalang nangangailangan ng interior decorator.

Para sa isang kagaya niyang freelance, nakakataba ng puso ang malamang naibigan ang trabaho niya, dagdag pa ang seguridad na may pagkakakitaan siya sa hinaharap.

Bahagya lang siyang nadismaya nang maalala si Greg, isang masugid na manliligaw na nakasalubong niya sa mall at nagpumilit na ihatid na siya. Umuungot din ito ng date na iniwasan niyang paunlakan.

Kasunod ng pagtunog ng elevator, bumukas ang pinto niyon. Nanumbalik ang maalwang pakiramdam ni Jean pagkakita sa pasilyong magdadala sa kanya sa tinutuluyan. Nasa America ang pinsan niyang may-ari ng condo unit. Nag-aaral ito roon para sa master's degree nito. Bago ito umalis ay pinakiusapan siyang tumao sa unit para kahit papaano ay may magbantay roon—isang pakiusap na hindi niya naisipang tanggihan. Parang siya pa nga ang biniyayaan dahil nang panahong alukin siya ng pinsan ay sadyang naghahanap siya ng matitirhan. Ipapaayos daw ng kasera niya ang bahay na dati niyang tinutuluyan at pinapaalis muna ang mga nangungupahan doon.

Bumalik ang maluwang niyang ngiti habang naglalakad siya sa pasilyo. Napakalayo ng paligid niya sa dating tinitirhan na bukod sa luma na ay madilim at masikip pa. Nagtitiis lang siya roon habang di pa siya gaanong nakikilala at wala pang gaanong kliyente. Ngayon, bukod sa dumadami na ang kumukuha ng kanyang serbisyo, maganda pa ang tinutuluyan niya sa *Beaumont Towers*.

Napalis ang ngiti niya nang maulinigan ang isang tunog. Parang pusang ngumingiyaw.

Bakit nagkapusa rito? pagtataka niya. Ah, baka alaga ng isa sa mga residente. Malamang nga ay isang Persian o Siamese cat iyon dahil hindi niya mailarawan sa isip na ang mga sosyal na naninirahan doon ay mag-aalaga ng pusa-kal.

Habang papalapit siya sa unit na patutunguhan ay lalong lumalakas ang tunog. Minsan nga ay parang pinipilipit na ang buntot ng pusa sa himig ng pagngiyaw nito.

Pagliko niya ng pasilyo ay natanaw niya ang malaking basket na nasa labas ng pinto ng unit na katapat ng sa pinsan niya. Gumagalaw-galaw ang basket at pakiwari ni Jean ay roon nagmumula ang tunog. *Mukhang may nagbigay ng pusa sa kapitbahay ko,* naisip niya.

Bahagya pa siyang naakit na silipin ang pusa. Sa bahay ng tiyahin niyang nagpalaki sa kanya, may alaga siyang pusa at nang manganak iyon ay tuwang-tuwa siyang laruin ang matatabang kuting. Dangan nga lang at ipinatapon iyon ng tita niya dahil may asthma ang isa sa mga anak nito.

Pinigilan niya ang sarili. Baka magalit pa ang

kanyang kapitbahay kapag pinakialaman niya ang pusa nito.

Pagsapit sa labas ng pinto ng tinutuluyang unit ay isinuksok niya ang susi sa seradura at mabilis siyang pumasok. Pero di pa niya nakukuhang umupo sa sofa ay umalingawngaw na naman ang tunog. Ngayon ay higit na mas malakas iyon at waring may himig ng desperasyon.

Baka kung napapaano na iyong pusa, susog ng konsyensya niya. Baka naipit at naghihingalo na. Bakit kasi hindi pa iyon asikasuhin ng kapitbahay niya?

Hindi na siya nakatiis. Nagmamadali siyang lumabas ulit at tinawid ang pasilyo para puntahan ang kapitbahay niya. Pinindot niya ang doorbell nang ilang ulit ngunit walang tumugon doon.

“Tao po! Tao pooo!” Kasabay ng pagtawag ay kumatok na siya nang malakas.

Mukhang wala talagang tao.

Napasulyap si Jean sa basket. Pagkalakas-lakas na ng ingit na nagmumula roon at ngayon ay tila hindi na iyon likha ng isang pusa. Para ngang... para ngang....

Lumuhod siya sa tabi ng basket at inangat ang puting telang nakatabing doon. Napasinghap siya nang makita ang nakahimlay sa loob nito. Hindi pusa ang nasa basket kundi sanggol! At hindi lang isa iyon kundi dalawa sila, dalawang sanggol na ngayon ay namumula na habang sabay na inilalabas ang himutok nila sa mundo. Panay rin ang pagkawag ng maliliit na binti at braso ng mga ito.

Tumayo ulit siya at bumaling sa pinto ng kapitbahay. Buong lakas na kinalabog niya iyon.

“Hello? May tao ba riyan?” ilang ulit niyang tawag ngunit walang saysay iyon.

Ano ba ang gagawin niya? May nag-iwan ng dalawang sanggol sa pasilyo. Puwede ba niyang pabayaang lang ang mga ito roon? Wala siyang kaalam-alam sa mga bata pero alam niyang hindi basta-basta iniwan ang mga ito nang walang nag-aalaga.

Nasaan na ba kasi ang lalaking iyon? naiirita niyang tanong. At bakit may dalawang sanggol na nakalagak sa labas ng pinto niya?

Naiisip niya ang mga katanungang iyon ay tiyempo namang napasulyap siya sa isang dako ng basket. Doon ay nakita niya ang isang papel na

nakatupi at nakasuksok. Kinuha niya iyon.

Danny. Iyon ang nakita niyang nakasulat sa labas na bahagi ng papel.

Binuklat niya iyon at binasa ang nilalaman.

Dear Danny,

Hindi ko na kaya. Wala na 'kong pera. Pinalayas pa 'ko sa tinutuluyan ko dahil hindi ako makabayad. Anak mo rin ang mga batang ito kaya responsibilidad mo rin sila. Ikaw na muna ang bahala sa kanila. Aayusin ko lang ang buhay ko't saka ko na sila babalikan.

Love,

Cristy

Napatitig si Jean sa sulat. Nakaramdam siya ng awa kay Cristy. Gaano ito kadesperado para makuha nitong iwan na lang nang ganoon ang mga anak?

Naalala niya ang lalaking nakatira sa unit. Sa loob ng isang buwang pamamalagi niya sa

Beaumont Towers, kung ilang ulit niya itong nakakasalubong o nakakasabay sa elevator. Hindi ito masasabing guwapo ngunit malakas ang pang-akit ng personalidad nito. Iyon bang tipong habulin ng mga babae. Hindi siya magtatataka kung isa itong playboy na hindi pinapalagpas ang sinumang nakapaldang magpakita ng interes dito. Napatiim-bagang siya sa pagngingitngit. Ngayon ay nakabuntis tuloy ito at tila tinalikdan pa ang responsibilidad.

Naputol ang panggagalaiti niya nang umakyat nang ilang decibel ang iyak ng mga sanggol. Napatingin siya sa mga ito, pagkuwa'y sa pasilyo. Walang taong lumalabas sa ibang mga unit. Malamang ay pawang nasa opisina ang nakatira sa mga iyon.

Napabuntunghininga siya bago binuhat ang basket. Naipasya niyang ipapasok na muna sa loob ang mga sanggol. *Iiwan kong bukas ang pinto para makita ko ang linsyak na lalaking 'yon pagdating niya, sabi niya sa isip.*

“Excuse me, mukhang nahulog mo 'to, o.”

Natigil ang aktong pagsakay sa kotse ni Roel nang marinig ang tinig. Nang balingan niya ang pinagmulan niyon ay isang magandang babaeng may

tangang tarheta ang nasilayan niya. Matamis ang ngiti ng babae, iyong tipo ng ngiting nag-aanyaya.

Inabot niya ang tarheta at binasa ang pangalang nakatala roon. "I'm sorry but that's not mine," iling niya, sabay bigay ulit niyon dito.

"So you're not Mike de Guzman?"

"I'm afraid not," aniya.

"Who are you, then?" puno ng kumpiyansang tanong nito.

Bilib ako sa lakas ng loob ng isang 'to, naisip ni Roel. Pero sanay na siya sa ganoon. Marami-raming babae na rin ang gumagawa ng kung anu-anong gimmick para makipagkilala sa kanya. "Roel Cordova."

"I'm Laurie Jimenez." Inilahad ng babae ang kamay nito. "I'm so pleased to meet you," anito nang abutin niya iyon. "Now, I can give you this." May dinukot ito sa bag at ibinigay sa kanya.

Sinulyapan niya ang calling card na iniabot nito.

"That's in case you want to get to know me better. May opisina ako diyan sa building na pinanggalingan mo at matagal na kitang nakikita. In fact, I've been wanting to get your attention for quite some time now. Today's Friday and I normally go out on Friday

nights. Ikaw?” Sobrang tanga na lang ang hindi makatunog sa imbitasyong nasa tinig nito.

Hindi siya gaanong mahilig sa ganoong mga lakaran pero paminsan-minsan kapag inaabot siya ng matinding pagkabagot ay pinapatulan din niya iyon. Pero hindi sa gabing iyon. Mayroon na siyang ka-date. “I’ll give you a call,” sabi niya.

“I’ll be waiting for it,” nakangiting sagot ng babae.

Sinuklian din iyon ng ngiti ni Roel bago siya lumulan sa kotse.

Napapailing siya habang minamaniobra palabas ng underground parking lot ang sasakyan niya. Hindi niya maikakaila, flattered din siya sa ikinilos ng babae. Kahit paano ay naibsan nito ang pagkabagot na nadarama niya.

Consultant siya sa isang engineering firm at buong araw na iyon ay wala siyang ginawa kundi makipagdiskusyon sa mga arkitekto tungkol sa mga depektong nakita niya sa disenyo ng mga gusaling gawa ng mga ito. Nakakapagod. Nakakasawa. Parang ganoon na lang parati ang takbo ng buhay niya sa araw-araw.

Oo, may mga babaeng nagpapakitang-motibo

sa kanya. Ang ilan ay inilabas niya pero kalimitan ay di na nasusundan ang kanilang date dahil na rin sa pasya niya. Hindi niya maintindihan pero wala siyang matipuhan kahit kanino sa mga ito.

“Masyado kang pihikan. Pili nang pili, mamaya mapupunta ka sa bungi,” madalas na tudyo ng kaibigan niyang si Albert, sosyong may-ari sa isang detective agency, kapag nagkakasalo sila sa inuman.

“Huwag mo ’kong igaya sa ’yo na ang dali-daling ma-in love. Basta yata babae, umiibig ka, eh,” ganting pangangantyaw ni Roel.

“Well, alam mo naman ako, handang-handa nang lumagay sa tahimik. Ang tagal ko na ngang naghahanap ng pakakasalan, di ba? Aba, handa na ang lahat. May house and lot na ’ko, may kotse at may sariling negosyo. Asawa na lang talaga ang kulang. Kamalas-malasan namang natitiyempo ako sa mga babaeng mas gustong unahin ang career kesa pag-aasawa. Hindi kagaya mo. May phobia ka yata sa pag-aasawa, eh. Kaya kahit maya’t maya’y hinahabol ka ng mga chicks, hindi ka makahanap ng seseryosohin,” sabi nito.

“Ano’ng magagawa ko kung ayaw tumibok nito?” sagot niya na itinuturo ang dibdib. Hindi rin nagkamali si Albert sa tinuran nitong may phobia

siya sa pag-aasawa. Para nga siyang nasasakal kapag naiisip na magiging responsable siya sa pagbuhay sa misis niya, pati na ng kanilang magiging mga anak.

“Baka tumanda kang binata. Maiinggit ka sa ’kin kapag nakita mo ang mga anak ko na saksakan ng cute.”

“Titiisin ko,” pakikisakay niya.

Ngayon nga ay pinagninilay niya kung bakit ganoon siya. Ayaw niya ng seryosohang relasyon. Ni ayaw nga niya ng kahit anong relasyon dahil di rin siya ganoon kahilig makipag-fling. Mas madalas nga kaysa hindi, umaayaw siyang makipag-date kahit nagpupumilit na ang mga babaeng nakikilala niya. *Kaya napaka-boring ng love life ko*, sabi niya sa sarili.

Inaasahan niyang mababago ang sitwasyong iyon ng date niya ngayong gabi. Maganda si Elisha, smart at may sariling negosyo. *Baka sakaling ang isang iyon ay akma sa panlasa ko*, naisip niya.

Habang nakahinto sa traffic ay inabot niya ang cell phone at pinindot ang numero ni Elisha para kumpirmahin ang oras ng pagsundo niya rito.

2

Kanina pa nakatanghod si Jean sa dalawang sanggol. Ilang sandali matapos niyang maipasok ang mga ito sa unit ay nanahimik sila at muling nakatulog, sa laking pasasalamat niya. Ngayon, di mapuknat-puknat ang pagkakatitig niya sa mga ito. Parang naaakit siyang pagmasdan ang inosenteng mukha ng mga ito, ang mahimbing nilang pagkakatulog na tila wala silang pakialam sa mundo at sa kanilang kasasapitan.

Mayamaya ay nagmulat ng mga mata ang isa sa mga ito at gumanti ng titig sa kanya.

“Hello, Sweetheart,” bati niya rito

Kumislol ang sanggol, luminga-linga na waring may hinahanap ang bibig.

“Ano’ng gusto mo?” Masuyo ang kanyang tinig sa pangambang mag-iiyak ang bata kapag nagaspangan sa boses niya.

Nagusot ang mukha ng sanggol. Mukhang naghahanda nang umiyak.

Nataranta siya. Ano ba ang kailangan niyang gawin para pigilan ang pag-iyak nito? Nag-isip

siyang mabuti pero wala talaga siyang maalalang anuman tungkol sa pag-aalaga ng bata. Pawang mas matatanda sa kanya ang tatlong anak ng tiyahin niyang umampon sa kanya matapos masawi sa isang aksidente ang kanyang mga magulang. Ni minsan ay hindi siya nagkaroon ng pagkakataong mapalapit sa isang sanggol.

Umiingit na ang bata. Kapag pumalakat ito, malamang ay magigising ang kapatid nito at sabay na naman silang aatungal. Para pigilan iyon, nangingimi man ay binuhat na lang niya ang sanggol at banung-bano ang kilos na ipinaghele ito.

Inna. Nakita niyang nakatatak sa laylayan ng t-shirt nito. Tila iyon ang pangalan ng bata.

“Tulog na, Inna,” sabi niya.

Napakalaking satisfaction ang nadama niya nang humilig ito sa kanyang dibdib at matapos ang ilang minuto ay makatulog na.

Naibaba na ulit ni Jean ang bata sa basket nang tiyempong mapasulyap siya sa bukas na pinto at mamataan ang bagong dating na kapitbahay.

Mabilis pa sa alas kuwatrong napalabas siya ng pinto.

“Ako si Jean,” pagpapakilala niya. “Puwede bang makausap ka sandali?” malamig ang tinig niyang sabi sa lalaking akmang pipihitin na ang seradura ng pinto nito.

Mukhang napakalakas ng appeal ko ngayong araw na 'to ah, sa loob-loob ni Roel nang paglingon nito ay makita ang kapitbahay. *Makikipagkilala rin kaya ito?* “T-tungkol saan?” tanong nito.

“Sa loob na tayo mag-usap,” aniya.

“Hindi ba puwedeng dito na lang?” Nagmamadali ito. Gusto nitong magpahinga nang kaunti bago simulan ang paghahanda para sa date.

Nakadama ng pagkayamot si Jean. Hindi niya naibigan ang tono ng lalaki na animo’y siya pa ang humihingi ng pabor dito samantalang kung tutuusin, sa kanya pa ito dapat magpasalamat dahil pinagmalasakitan niya ang mga anak nito.

“Masyadong importante para dito sa pasilyo pag-usapan,” pakli niya.

Napahugot ito ng hininga. “Nagmamadali kasi ako,” pasintabi nito.

“Bueno, kung gusto mong pag-usapan ang tungkol sa pananagutan mo dito sa labas, okay lang

sa 'kin," naiiritang bulalas niya.

Natigilan ito. Pananagutan? Anong pananagutan?

"Sige, pumasok na tayo," dagli nitong sang-ayon bago pa may makarinig sa kanila. "Ano'ng pinagsasasabi mong pananagutan?" tanong nito sa sandaling nasa loob na sila at naipinid na ng dalaga ang pintuan.

Saglit na di makakibo si Jean. Sa ilang oras na namalagi sa pangangalaga niya ang mga sanggol ay nakadama na siya ng simpatya sa mga ito. Nag-aalangan ngayon siya kung tama bang ipasa niya ang mga ito sa lalaking kaharap.

"Ano na ang dapat nating pag-usapan?" susog nito sa tinig na kababanaagan na ng iritasyon. "Talaga bang may kailangan ka sa 'kin o gusto mo lang akong makilalang mabuti?"

Ang kapal ng mukha nito, ah! tahimik na pangagalaiti niya. "Excuse me, wala akong balak sumali sa kung ano mang fans club na meron ka. Gusto ko lang ipaalam sa 'yo ang tungkol sa responsibilidad mo sa mga bata."

"Whoa! Ni hindi kita kilala. Noong lumipat ka rito, noon lang kita unang nakita," dagling protesta nito na di naiibigan ang takbo ng pag-uusap. Hindi

niya gawi ang mambuntis at lalong di niya ugaling makalimutan ang mukha ng babaeng nakakaniig niya at sigurado siya, wala silang naging ugnayan ng dalagang kaharap.

“Ano’ng koneksyon ng pagkakakilala mo sa ’kin...?” naguguluhang simula niya bago nabasa ang implikasyon ng sinabi nito. “Teka, teka. Ang akala mo, ako at ikaw ang....” Napahalakhak siya.

“May nakakatawa ba sa sinabi ko?” Medyo nainsulto naman ito.

“Oo, kasi maski siguro bayaran mo ’ko ng isang milyon, eh, hindi ako papatol sa ’yo kaya katawa-tawa ang akala mong ako ang nabuntis mo.”

Talagang nainsulto na si Roel. *Bakit ba kung makapagsalita ito’y parang nakakadiri ako?* Bago pa ito makapagsalita ay ginulantang sila ng malakas na iyak.

Sabay silang napatingin sa basket na nakalapag sa counter na nasa isang gawi ng sala.

“Ano ’yon?” tanong nito.

“Ano pa, eh, di ang pinag-uusapan natin. Ang mga anak mo,” aniya habang humahangos patungo sa kinaroroonan ng dalawang sanggol. Si Inna ang

umiiyak. Dagli niyang kinarga ito at isinayaw-sayaw para patahimikin.

Ilang saglit na napamaang lang sa mga ito si Roel bago tumagos sa utak ang sinabi ng dalaga. “Mga anak ko? Wala akong anak,” matigas nitong tanggi.

“Eh, ano’ng tawag mo dito? Kuting?”

“Sino ba ’yan?”

Naningkit ang mga mata niya. Lalong naging negatibo ang impresyon niya rito kasabay ng paglalim ng nadaramang awa kay Cristy at sa kambal nitong anak. “Walanghiya ka talaga! Ang ibig mong sabihin, ni minsa’y hindi mo sila naisipang dalawin?” marahas niyang panunumbat.

“Bakit ko sila dadalawin? Hindi ko sila kaanu-ano.”

“Hmph! Bumenta na ’yan. Ganyan naman talaga kayong mga lalaki, eh. Pag sa pagpapasarap, bigay na bigay kayo. Pero pag responsibilidad na ang pag-uusapan, naglalaho kayong parang bula. Kailangan pang habulin....”

Hindi na matiis ng binata ang panlalait dito. Sinaklot nito ang braso niya. “Sa maniwala ka’t sa hindi, di ko anak ang mga batang iyan. Ewan ko kung saan mo nakuha ang ideyang may pananagutan ako

sa kanila pero burahin mo na 'yon sa kukote mo dahil maling-mali ka," nanggigigil nitong turan. "Paano naman akong magkakaanak?"

"Paano ba nagkakaanak ang isang lalaki? Sa normal na paraan, palagay ko." Banaag na banaag ang pagkadisgusto sa mga mata ni Jean.

"Miss, makinig ka ngang mabuti. Wala akong kinalaman sa pagkakabuo ng mga batang iyan. Hindi... ko... sila... anak." Inisa-isa nito ang pagbigkas sa mga kataga para ipagdiinan iyon sa kanya. Gusto na nga siya nitong yugyugin para lang mapaintindi ang sinasabi nito.

Isang malakas na bugso ng hininga naman ang pinakawalan niya. Matapos hilahin ang brasong tangan nito ay dinaklot niya ang sulat na iniwang kasama ng mga bata. "Hayan, basahin mo." Isinaksak niya iyon sa gawi nito. "Baka sakaling magliwanag ang memorya mo."

Inabot nito ang papel at binasa ang nilalaman niyon. "Ano'ng koneksyon ko rito?" anito nang matapos.

"Ano'ng kinalaman mo?" Namamangha siya sa katangahang ipinamamalas nito. Totoo bang ganoon ito ka-engot o nagpapanggap lang para makatakas sa

responsibilidad? “Iniwan sa labas ng pinto mo ang mga bata. Nakasiksik sa basket ang sulat na ‘yan,” puno ng pasensyang paliwanag niya.

“Kung sino man siya, nagkamali siya ng pinag-iwanan ng mga anak niya.”

“At bakit? Dahil itatatwa mo sila?” naghahamong tanong niya.

“Dahil hindi ako si Danny.”

“Ha?”

“Hindi ako si Danny. Roel Cordova ang pangalan ko.” Hinugot nito ang pitaka at inilabas ang ilang credit card. Ipinakita nito ang mga iyon sa kanya. “O, hayan, baka hindi ka pa maniwala.”

“Pero... pero... bakit sa labas ng condo mo iniwan ang mga bata kung hindi ikaw si Danny?” Litung-lito na si Jean.

“Malay ko.”

Ilang saglit silang natahimik.

“Teka, parang alam ko na,” pagkuwa’y sabi ni Roel. “Binili ng kapatid ko ang condo unit na iyon sa kaibigan ng dating kaopisina niya. If I remember right, Danilo Sevilla ang pangalan ng dating may-ari

ng unit. Malamang ay siya si Danny?”

“Nasaan na siya?”

“Hindi ko na alam. Nabanggit sa ’kin ni Ate noon na paalis ng Pilipinas ang may-ari ng unit. Kaya nga nagmamadali itong ipagbili ang condo.”

“Baka alam ng ate mo kung nasaan na ang Danilo Sevilla na ’yon. Itanong mo kaya sa kanya?”

“O sige. Mamaya’y mag-o-overseas call ako sa kanya. Nasa England si Ate, eh. O, paano, ngayong nagkalinawan na tayo, baka naman puwedeng umalis na ’ko?”

Nagmadali niyang ibinaba si Inna sa basket saka humabol sa lalaking papunta na sa pintuan. Hinila niya ang manggas ng polo nito. “Teka, paano ang mga bata?” tanong niya.

“Aba, malay ko. Bahala ka na. Gawin mo’ng gusto mo sa kanila.”

“Hindi naman puwede ’yon. Kinuha ko lang sila kanina dahil akala ko’y iyo sila. Inalagaan ko sila habang hinihintay ka.”

“Eh, di ibigay mo sa mga awtoridad. Sa *DSWD* o sa kung anong ampunan. Marami naman diyan.”

“Paano kung balikan n’ung nanay? P-palagay ko, hindi iyon makakatiis na iwan nang matagal ang mga anak niya,” katuwiran niya.

“Aba, problema niyang tuntunin kung nasaan ang mga anak niya. Iniwan-iwan niya, eh,” ganting pangangatuwiran ni Roel. Sa totoo lang ay nagmamadali na itong umalis. Gusto na niyang maghanda para sa kanyang date, na sa paglipas ng mga sandali ay lalong nagiging kaaya-aya sa paningin niya, kaysa naman kumargo siya ng mga batang hindi niya kaanu-ano.

“Wala ka talagang puso. Kita mo ngang mukhang desperado na siya kaya lang niya nagawang iwan ang mga anak niya, eh. Kung sakaling magbago siya ng isip, pahihirapan mo pa siyang maghanap sa mga bata.”

Hinarap siya nito. “Ano’ng gusto mong mangyari?” tanong nito.

“Eh, kung... kung alagaan muna natin sila maski isa o dalawang araw lang. Baka bukas o sa makalawa’y matauhan na ang nanay nila.”

“Natin? Sinong natin? Ikaw ang nakahanap sa kanila kaya iyo na sila. Finders keepers, ’ika nga.”

“Ano’ng palagay mo sa kanila, ballpen o panyo

na kapag nahanap mo, eh, iyo na? Kahit naman pera ay isinasauli pa sa may-ari. Mga bata pa kaya?”

Malapit na itong maaltapresyon. “Eh, ano nga’ng gagawin mo?” gigil nitong tanong.

“Correction, ano’ng gagawin natin? Kung tutuusin, responsibilidad mo nga sila dahil sa bahay mo sila iniwan. Nagmalasakit lang ako.”

“Okay, okay. Babae ka, di ba? Eh, di ikaw ang mag-alaga sa kanila. Wala akong kaalam-alam sa mga bata, eh. Kung gusto mo, sasagutin ko na lang ang mga gamit na kakailanganin nila pansamantala.” Nakahinga ito nang maluwag sa naisip na suhestyon. Sa tingin nito, napaka-reasonable niyon. “I really have to go. To tell you the truth, may date ako’t dapat na ’kong magbihis.”

Mapakla ang ngiting sumungaw sa labi ni Jean. “Babae nga ako pero di ibig sabihin niyo’y awtomatikong marunong akong mag-alaga ng mga bata. Pareho lang tayong walang kaalam-alam sa ganyang mga bagay.”

“Anak ng tipaklong! Ganoon naman pala. Ba’t di mo na nga lang sila ipaubaya sa mga kinauukulan na sanay sa pag-aalaga ng mga bata?”

“S-sige na nga. Tawagan mo sila. Ikaw ang

makipag-usap. Sa 'yo sila iniwan, eh." Tutol pa rin ang kalooban niya pero napilitan na rin siya.

Umakmang lalapit ito sa telepono, pagkuwa'y napasulyap sa malaking orasang nakadikit sa dingding. "Paano 'yan? Alas seis na. Tiyak na wala nang tao sa mga opisina. Ikaw kasi. Hindi ka pa tumawag agad."

"Huwag mo 'kong sisihin. Gusto ko lang—"

Pinutol ang ibang sasabihin ni Jean ng mala-sirenang pagpapalakat ng dalawang sanggol.

Sabay silang lumapit sa basket at tumingin sa dalawang batang ngayon ay sinabayan na ng malakas na pagkawag-kawag ang pag-atungal.

"Ano na ngayon?" tanong ni Roel.

"Kargahin mo ang isa. Kukunin ko 'yong isa."

"Hindi ako marunong."

"Madali lang." Binuhat ni Jean si Inna at iniabot sa binata bago pa ito makalayo. Pagkuwa'y kinuha niya ang isa pang sanggol.

"Ano itong nakasulat sa damit niya?" Napuna nito ang nakatatak sa t-shirt ng bata.

"Sa tingin ko'y pangalan niya."

“Inna? Babae siya. ‘Yang sa ‘yo, ano’ng pangalan?”

Binasa niya ang pangalang nakatatak sa damit ng sanggol na tangan. “Nina.”

“Pareho pang babae!” bulalas nito.

“May masama ba?” naghahamong tanong niya.

“Wala. Basta ‘wag mo lang akong asahang magpalit ng lampin. Parang... parang malaswa.”

“Sus! Para ka rin palang bata. Ano naman ang malaswa doon? Mga sanggol lang ‘yan. Unless you’re a pervert and you derive enjoyment from—”

“Hindi, ah!” matigas at galit na protesta nito.

Hindi na ito kumibo. Basta naglakad na lang patungo sa sofa na para bang bomba ang tangan na kapag nayugyog nang kaunti ay sasabog na. Dahan-dahan din ito sa pag-upo.

Ipinaghele naman ni Jean si Nina at sinikap payapain sa pamamagitan ng paghagod sa likod nito.

Minasdan siya nito at ginaya ang ginagawa niya. Pero kapwa sila bigo. Imbis na manahimik, sa paglipas ng mga sandali ay lalong lumalakas ang pagngawa ng mga bata.

“Ano ba’ng problema nila?” nadedesperadong

tanong ni Roel. Mabuti pa nga ang babaeng malaki na, kapag umiyak ay kaya niyang patahanin. Pero ang isang sanggol? Hindi niya pinag-uukulan ng gaanong pansin ang mga pinsan niyang may kasamang mga sanggol kapag nakakasalamuha ang mga ito sa pagtitipon ng pamilya. Ngayon ay gusto niyang magsisi. Gusto na rin niyang magwala. Dapat ay nagbibihis na siya para sa kanyang date nang mga sandaling iyon imbis na nagpapatahan ng isang batang mukhang wala namang balak tumahan.

Hayun tuloy siya, kulang na lang ay mabitawan ang sanggol na panay ang pagpilipit ng katawan habang tangan niya ito. Kapag sinusubukan naman niyang yakapin ay sinisipa at itinutulak siya nito.

“Ano’ng gagawin natin sa mga ’to?” tanong na naman ng binata.

“Ewan ko.” Desperado na rin si Jean na halos kalugin na si Nina sa lakas ng paghehele rito.

Tiyempong sumagi sa braso ni Roel ang pisngi ng sanggol na si Inna. Nang mangyari iyon ay ibinaling ng bata ang bibig sa braso ng binata at tinangkang supsupin iyon. “Ano’ng ginagawa niya?” litong tanong nito.

“Mukhang nagugutom sila. Baka kaya umiiyak,”

hula niya.

“Ano’ng ipapakain natin sa kanila?”

“Kanina, may iniwang tig-isang bote ng gatas ang nanay nila. Pero ubos na, eh.”

“Dapat tayong bumili. Ako na lang ang sasaglit sa grocery,” boluntaryo nito. Naisip nito, mas mabuti na iyon kaysa alagaan ang nagkakakawag na bata.

Paano kung hindi na siya bumalik? Paano kung takasan ako’t tumuloy sa date niya? Ang mga katanungang iyon ang pumasok sa isip ni Jean. Hindi kaya siya mabaliw kapag nagkataon?

“Babalik ako. Promise.” Tila natunugan naman nito ang pagdududa niya. “Dali na, pumayag ka na bago pa tayo awayin ng ibang nakatira sa condominium.”

“O sige, sige. Teka, samahan mo na rin ng bote. Maraming bote, ah. At saka....” Pilit inalala ni Jean kung anu-ano ang mga produktong pambatang napapanood niya sa mga patalastas sa telebisyon. “Ah, disposable diapers, baby powder, sabon, shampoo at cologne. Magtanong ka na rin sa grocery kung may nakakaalam kung paano nag-aalaga ng baby.”

“O sige na. Aalis na ’ko. Parang hihimatayin na ’to

Ikaw Ang Tanging Ligaya - Kayla Caliente

sa pag-iyak,” anito na ang tinutukoy ay ang tangang sanggol.

Nang ibaba ni Roel si Inna ay lalong lumakas ang atungal nito na animo’y nagpoprotesta sa pag-iwan dito.

3

Sa grocery, mahibang-hibang si Roel. Ilang minuto ang nasayang niya habang hinahanap ang kailangan ng mga bata. Bakit ba kasi sari-sari ang gatas na nasa eskaparate? May infant formula. May follow-on formula. May pang-premature na bata. May tinatawag na high-calorie milk. May gawa sa soybeans at kung anu-ano pa.

At ang disposable diapers, iba't iba ang uri. May comfort, dry, extra-dry. Mayroong may belt at walang belt. Iba-iba pa ang mga size. Ano ba ang babagay sa dalawang sanggol? Newborn size? Medium? Large? Extra large?

Nagpatulong na siya sa isang salesclerk. Kung di ay baka abutin siya ng siyam-siyam dahil hindi talaga niya alam kung ano ang pipiliin.

“Bagong panganak yata ang misis n’yo,” anang babae.

Tumango na lang si Roel. “Paano ba nag-aalaga ng bata? Basta na lang ba sila pasususuhin ng gatas sa bote?” tanong niya.

“Naku, hindi. Dapat linisin at pakuluang mabuti

ang mga bote. Pinapakulo rin at pinalalamig ang tubig na gagamitin sa pagtitimpla ng gatas. Kalimitan, kung ilang ounces ang tubig ay ganoon din karaming takal ng powdered milk ang ilalagay. Hindi ba marunong ang misis n'yo? Baka puwedeng mag-breastfeed na lang siya. Sabi nga ng mga doktor, mas mainam para sa babies ang gatas ng ina.”

Kung di lang siya natataranta, malamang ay napahagalpak siya ng tawa nang ma-imagine na pinapasuso ni Jean sa dibdib nito ang dalawang sanggol.

“Hindi siya puwedeng magpadede, eh,” dahilan na lang niya.

“Ano bang gatas ang inirekomenda ng doktor niya?” tanong ng matulunging dispatsadora.

“K-kuwan, hindi ko alam.”

“Naku, baka hindi makahiyangan ng anak n'yo ang gatas na bibilhin mo. Magtatae 'yon.”

“Magtatae?” Mahihimatay na yata siya.

“Oo. Hiyangan kasi 'yon, eh. Kaya nga mas mainam kung breastmilk. Walang problema.”

Kung puwede lang, imumungkahi na niya kay Jean na pasusuhin na lang nito ang mga sanggol.

“Pero kung di talaga puwede, subukan mo na lang ’to.” May kinuhang lata ang babae. “Mabenta ’yan kaya malamang ay magandang klase.”

“Salamat. Hindi kasi rin gaanong marunong mag-alaga ng bata ang misis ko. Pati na rin ako. Puwede bang turuan mo ’ko kahit konti?”

“Oo ba. Walang problema.” Habang naghalungkat ng gamit-pambata si Roel ay ibinahagi ng dispatsadora ang nalalaman nito tungkol sa pag-aalaga ng sanggol. Tinulungan na rin siya nitong pumili ng ibang pang kakailanganin.

“Ang hirap ng may anak, ano?” anang isang lalaking kasunod niya sa counter nang magbabayad na siya. “Napakagastos. Ako nga, halos lahat ng suweldo ko, sa baby ko napupunta. Nakakapagod pa.”

“Mahirap ba talagang mag-alaga?” usisa niya.

“Naku, itinanong mo pa. Ilang gabi na nga akong puyat sa paghalili sa misis ko sa pagpapalit ng lampin at pagpapadede.”

Kailangan palang madispatsa na ang mga batang iyon sa lalong madaling panahon. Kung di’y baka matuyuan ako ng dugo sa kunsumisyon, naisip niya habang naglalakad palabas ng grocery.

Hindi magkandadala si Roel sa dami ng mga pinamili. Kung ilang ulit nga ay nahulog ang malaking bag ng disposable diapers dahil umaapaw na ito sa supot.

Pakiramdam niya ay isa na siyang martir nang sa wakas ay sapitin niya ang unit ni Jean. Siguro naman, matapos ang paghihirap niya sa kapipili at pagdadala ng mga gamit ng sanggol, puwede na siyang umuwi at magpahinga na.

Ngunit naglaho ang ideyang iyon sa sandaling buksan ni Jean ang pinto.

Tingin ni Roel, isang bulate na lang ang hinihintay ang pirma at maloloka na ito. Nakalas na sa pagkakatali ang maraming hibla ng buhok ni Jean. Ang iba nga ay nananayo na. Basa ang harapan ng blusa niyang naalis na sa pagkaka-tuck in sa kanyang palda. Sa madaling salita, mukhang nahihibang na siya sa katarantahan.

“Ang tagal mo!” singhal niya sa binata nang mabungaran ito.

“Sorry, ha? Hindi ko lang kasi malaman kung alin sa sandamukal na pagpipilian ang dadamputin ko.” Sarkastiko ito.

“Kanina pa nagsisisigaw ang dalawang ’yan. O, heto, kargahin mo muna si Nina. Mayamaya ay si Inna naman.” Iniabot niya rito ang nagwawalang sanggol.

“Teka, saan ka pupunta?” tanong nito na ayaw maiwan sa dalawang tumitiling bata.

“Ihahanda ang pagkain nila, saan pa?”

“Marunong ka ba?”

“May instruction naman siguro sa lata, ano! Diyan ka na.” Matapos kalkalin ang supot at makuha ang lata ng gatas at ilang bote ay nagtungo na siya sa kusina.

“Hoy, Miss, hindi basta tinitimplahan ng gatas ang mga boteng ’yan.” Sumunod sa kanya si Roel na dala pa rin ang umiiyak na sanggol.

“Eh, ano dapat?”

“Hawakan mo kasi ito’t ako na’ng bahala. Nagpaturo ako doon sa saleslady sa grocery.”

“Ano naman ang alam n’un?”

“Di hamak na mas marami kesa sa atin. O, heto.” Ibinalik nito sa kanya ang nagkakakawag na bata.

Wala namang magawa si Jean kundi tanggapin ito kahit na pakiramdam niya ay basag na ang

kanyang eardrums sa kaiiyak nito.

“Roel, matagal ka pa ba?” sigaw niya nang ilang minuto na siyang natuturette sa sala ay hindi pa sumusunod sa kanya ang binata. Kanina pa niya pinagpapalit-palit na kalungin sina Inna at Nina at pakiwari niya ay bibigay na ang kanyang mga braso, kung di man ang kanyang katinuan. Nag-aalala na rin siya sa dalawang batang matagal nang umiiyak. Di kaya makasama iyon sa mga ito?

“Nandiyan na!”

Ilang sandali lang naman ay dumating na si Roel, dala ang dalawang boteng may lamang gatas. Ibinigay nito ang mga iyon sa dalaga.

“O, ’ayan, padedehin mo na sila,” sabi nito.

“Ano ako, octopus? Paano ko mapapadede nang sabay ang dalawang ’yan? Tulungan mo ’ko,” asik ni Jean.

Ang ibig sabihin, kakarga na naman ito ng sanggol. Kinakabahan pa naman itong gawin iyon dahil parang mapipilipit nito ang malambot na katawan ng bata. Pero wala na itong nagawa nang ibigay ng dalaga rito si Nina.

Maingat itong umupo sa sofa at inayos ang

pagkakahiga ng sanggol sa braso.

“Dede na,” anito at itinapat sa bibig ni Nina ang tsupon. Nagwawala pa rin ang bata at waring di napapansin ang pagkain nito. “Paano ba ’to?” baling nito sa kanya na noon ay tagumpay nang pinapadede si Inna.

“Hintayin mo lang,” payo niya.

Di nga nagtagal ay naramdaman na ng bata ang tsupong sumasagi sa gilid ng bibig nito. Sabik nito iyong dinuhapang at sinipsip.

“Kawawa naman, o. Gutom na gutom siya,” sabi ni Roel na matamang pinanonood ang tangang sanggol.

“Ito rin nga, eh. Ang tagal daw nilang naghintay.”

“Aba, sila lang ba ang nagugutom? Ako rin, ah. Ano kaya’t umatungal din akong kagaya nila?” anitong dahil hindi na natataranta ay saka nakaramdam ng pagkalam ng sikmura.

“Subukan mo’t papasakan ko ng pandesal ang bibig mo.” May himig pagbibiro na sa tinig ni Jean. Hindi na siya gaanong tensyonado ngayong wala nang malakas na pag-iyak na umaalingawngaw sa buong bahay.

“Magpa-deliver na lang tayo,” mungkahi nito.

“Mabuti pa nga. Hindi pa ’ko nakakaluto, eh,” sang-ayon kaagad niya.

“Pero teka, paano ang mga bata?” tanong nito na para pa ring babasaging kristal ang hawak. “Baka umiyak kapag ibinaba natin.”

“Hindi naman siguro. Tulog na sila, eh.”

Nang sulyapan muli ni Roel si Nina ay nakitang nakapikit na nga ang mga mata nito at mukhang nahihimbing na kahit patuloy pa rin ang pagsuso. “Dumdedede pa, eh.”

“Si Inna’y hindi na. Ako na lang ang tatawag sa phone para magpa-deliver. Ano ba’ng gusto mong kainin?” tanong niya.

“Bahala ka na. Kahit ano, kinakain ko.”

Ingat na ingat niyang inilapag ang bata sa basket. Pagkatapos ay binuklat niya ang phone book na nasa ibabaw ng mesita at naghanap ng puwedeng order-an ng pagkain.

Samantala, parang nababatubalani pa rin si Roel sa sanggol na kalong nito. *Ganito pala ang may anak.* Ni hindi niya napag-ukulan ng pansin ang gayong mga bagay noon. Alam niya, darating siguro

ang pagkakataong nanaisin niyang magkapamilya pero palagi ay sa napakatagal pang hinaharap ang tingin niya sa panahong iyon. Sa kasalukuyan ay mas gusto niyang sarili lang muna niya ang inaalala. Iyong walang ibang responsibilidad. Kaya hindi niya maintindihan ang emosyong humahaplos sa kanyang puso habang tinititigan ang walang kamuwang-muwang na sanggol.

Habang hinihintay naman ni Jean na sagutin ang tawag niya ay napasulyap siya sa binata. Kitang-kita tuloy niya ang emosyong nakabakat sa mukha nito. Gentleness—iyon ang unang katagang naisip niya para ilarawan iyon.

Kakatwa pero sa loob ng ilang oras pa lang nilang pagkakasama, nagbago na ang masamang impresyon niya rito. Kanina, akala niya ay isa itong palikero na nais takasan ang pananagutan. Sa halip, hayun pa nga ito at inaako ang isang tungkuling kung tutuusin ay puwedeng-puwedeng ipasa sa iba dahil hindi naman ito kanya.

Napatunayan din niyang marunong itong tumupad sa binitawang salita. Sabi nito ay babalik ito at bumalik nga. Kinabahan nga siya sa isiping inabandona na siya nang matagalan ito sa pagbalik buhat sa grocery. Kung alam lang nito kung gaano

ang iniluwa ng paghinga niya nang buksan niya ang pinto at makitang ito na ang dumating.

“Ide-deliver na ’yong in-order ko. Pakihintay na lang at magbibihis muna ako,” pasintabi ni Jean.

Tumango lang si Roel na sa sanggol pa rin nakatutok ang paningin.

Nang wala na ang dalaga ay saka lang nito naalala si Elisha. Napapalatak siya. Kahit nagmamadali, maingat na maingat pa rin ang pagkilos niya habang ibinababa sa basket si Nina.

“What the hell happened to you? Kanina pa ’ko naghihintay,” anang babae nang makilala ang boses niya.

“Sorry, I was detained. Emergency,” paliwanag niya.

“Hmph! Pambihira ka naman. I was looking forward to this evening,” malambing ngunit may bahid ng pagmamaktol ang tinig ni Elisha.

“Pasensya ka na. Hindi ko inaasahan ’to.”

“Hindi ka na ba talaga puwede? I can wait for you if you like. We can just stay here in my place,” puno ng implikasyong turan nito.

Nag-alangan si Roel. Tempting ang offer ng babae. Tulog na ang mga bata. Puwede na siguro niyang iwan ang mga ito.

Iniisip pa lang niya iyon ay nagsimula nang umingit ang isa sa mga sanggol. “T-titingnan ko. Tatawag na lang ako sa ’yo,” aniya. Umakyat nang ilang antas ang ingay na likha ng bata.

“I have to go. ’Bye,” nagmamadali niyang paalam saka inilapag ang telepono. “Ang sama ng timing mo, Kid,” bulong niya sa sanggol na natigil sa pagliligalig nang buhatin niya ito.

Sa kanyang silid, naulinigan ni Jean na may kausap ang binata. Hula niya ay iyon ang babaeng dapat ay ka-date nito nang gabing iyon.

Hindi niya maipaliwanag kung bakit pero bumagsak ang kanyang kalooban sa ideyang malamang ay aalis na ito para ituloy ang naantala nitong date ngayong tahimik na ang mga bata.

“Magpapaalam ka na?” May bahid tuloy ng karahasan ang tinig niya nang tanungin ito paglabas niya ng kuwarto.

Nagulat pa ito na abala sa paghehele kay Inna, na siyang umingit kanina. “Pinapaalis mo na ba ’ko?”

“Hindi!” mabilis niyang tanggi. Ayaw pa nga niya itong umalis. “Baka lang ’ika ko... h-hinihintay ka ng date mo.”

“Kaya mo ba ang mga bata?”

“K-kakayanin. Tulog na naman sila, eh.”

Bahagya itong napahalakhak. “Wala ka ngang kaalam-alam sa mga bata. Tulog sila ngayon pero ayon sa nakausap ko sa grocery, maya’t maya’y gumigising ang mga ’yan.”

“Baka naman inuuto ka lang n’un. Sige, k-kung gusto mo talagang makipag-date, umalis ka na.”

May permission na si Roel. Puwedeng-puwede na itong magpunta kay Elisha na sabik na naghihintay rito. Pero parang hindi nito iyon magawa. Nakokonsyensya itong di mawari. “H-huwag na lang. May ibang araw pa naman,” pasya nito.

Hindi inaasahan ni Jean ang tuwang nadama niya nang marinig ang sagot nito. Sa hindi malamang dahilan, ayaw niyang matapos muna ang mga sandaling kasama ito.

4

Malalim na ang gabi. Alam ni Jean iyon dahil bumabagsak na ang talukap ng mga mata niya. Naghuhumiyaw na rin sa pagod ang buo niyang katawan. Ang kaso, gustuhin man niya ay hindi siya puwedeng matulog dahil hayun, kakakain pa lang nila ni Roel ay sabay na namang umatungal ang dalawang sanggol.

“Ano na naman kaya ang problema nila?” haponng sambit ng binata.

Hindi na niya iyon pinag-abalahang sagutin. Dagli na lang niyang tinungo ang kinaroroonan ng mga bata. “Siguro basang-basa na ang lampin nila,” hula niya. “Akin na nga ’yong diapers na binili mo.”

Nang maiabot ang hinihingi, inalis niya ang lampin ni Inna. Tumpak ang hula niya. Medyo namumula na ang balat ng bata sa pagkakababad sa ihi.

“Huwag mo ’kong panoorin. Palitan mo na rin si Nina,” utos niya kay Roel na nakatanghod lang sa kanya.

“Eh... h-hindi ako marunong.”

“Konting I.Q. lang ang kailangan diyan, ano!”

Parang nainsulto, napilitan itong gawin ang inuutos niya. “O, napalitan na sila. Ba’t umiiyak pa?” tanong nito nang tapos na sila.

“Ewan. Hindi naman ako mind reader.” Dahil sa matinding antok ay umiigsi na ang pasensya niya.

“Baka may-sakit ang mga ’yan. Di kaya dapat ay dalhin na natin sila sa ospital,” sapantaha nito na natetensyon na sa nakakatulig na iyak.

Sinalat niya ang noo ng dalawa. “Parang... parang hindi naman, eh. Teka, kukunin ko ang thermometer.”

Dagli siyang pumasok sa kuwarto niya at nagkukumahog na hinalungkat ang mga drawer ng cabinet sa paghahanap ng pagkuha ng temperatura ng katawan. Nakalabas na halos lahat ng mga damit-pang-ilalim na nasa cabinet nang sa wakas ay matagpuan niya ang hinahanap.

Nagkikikisay sa protesta ang dalawang bata nang sikapin nila ni Roel na kunin ang temperatura ng mga ito pero pinilit pa rin niyang mapagtagal ang pagkakaipit ng thermometer sa ilalim ng kilikili ng mga ito.

“Pareho silang walang lagnat. Ewan ko kung

ano'ng problema nila,” sabi niya nang matapos. Hindi na niya alam ang gagawin. Gusto na nga niyang sabayan ang mga ito sa pag-atungal.

“Baka nasisikipan lang sila sa basket. O naiinitan kaya. Sa kama kaya natin sila ihiga,” suhestyon nito.

“Walang mawawala kung susubukan natin,” haponng sang-ayon niya.

Mukhang nakatsamba ang binata. Nang maibaba nga sa malambot at maluwang na kama ang dalawa ay nanahimik ang mga ito. Parang nagtataka pa mandin na isinikad-sikad ng mga ito ang mga paa at kamay na nanibago sa maalwang paligid.

Ilang sandali pa ay pumikit na ang mata ng mga ito.

“M-mabuti na lang pala't di ka umalis,” sabi ni Jean. Naisip niya, ano kaya ang kanyang gagawin kung mag-isa siya nang magligalig ang mga bata?

Isang malamlam na ngiti lang ang naging tugon ni Roel. Oo, nagpapasalamat ito at di nito iniwang mag-isa ang dalaga pero antok na antok na ito.

“Umuwi ka na muna't magpahinga,” aniya.

“Ang lakas ng loob mo,” nagbibirong tugon nito. “Ang mabuti pa'y halinhinan na lang tayo sa

pagbabantay sa kanila. Sige, ikaw na ang maunang matulog at ako naman mamaya.”

May lohika ang suhestyon nito kaya di na niya kinontra. “O sige. Pero maliligo muna ’ko,” sabi niya saka kumuha ng bibihisan.

Napasulyap ito sa kanya nang tumungo siya para damputin ang mga damit-pang-ilalim niyang nagkalat sa sahig dahil sa paghahalungkat niya kanina. Lihim itong napangiti nang makita ang ilang panty na bukod sa napakalilinggit ay yari pa sa puntas kaya parang wala nang itatago ang mga iyon. Hindi nito akalaing ganoon ang mga isinusuot ng dalagang tinagurian nitong konserbatibo. Lalo nitong gustong mapangiti nang mapagawi ang mga mata sa mga silk na pantulog na tingin nito ay napakaiksi at de-tirante lang. Ganoon kaya ang isususot ni Jean ngayong gabi?

Disappointed tuloy ito nang lumabas buhat sa banyo ang dalaga, nakasuot ng shorts at mahabang t-shirt.

“Ba’t ganyan ang tingin mo sa ’kin?” hamon ni Jean nang mapunang nakatitig sa kanya ang binata.

“H-ha? H-hindi ako nakatingin sa ’yo. Natutulala na siguro ako sa antok,” dagling pagkakaila ni Roel.

“Ikaw na kaya ang unang matulog. Mukhang mas kailangan mo, eh.”

“Hindi. Ikaw na.”

Masyado na siyang pagod para makipagtalos. At sa sobrang antok, ni hindi na niya naalalang mailang sa binata na nakaupo sa gilid ng kama. Hindi na niya ito naisip paalisin man lang bago siya humiga at ipikit ang mga mata.

Magpapahinga lang ako sandali, naisip naman nito nang di na makayanan ang pamimigat ng mga talukap.

Ilang saglit lang ay nananaginip na si Roel. Nakahiga raw siya sa pagkalambut-lambot na unan. Naaamoy pa niya ang mabangong samyo ng punda. Kaaya-aya iyon kaya lalo pa niyang isiniksik ang mukha roon.

Mahimbing na mahimbing naman si Jean kaya naalimpungatan man nang idantay ni Roel ang mukha sa kanyang buhok ay hindi na niya iyon gaanong pinansin. Sandali lang niyang tinangkang paurungin ito bago muling nilagom ng matinding antok ang kanyang diwa.

Dumaosdos pababa ang mukha nito hanggang sumayad sa leeg niya. Amoy ng pabango naman ang

nanuot sa ilong nito.

Hindi alam ni Roel kung iyon ang dahilan kung bakit nag-iba ang eksena ng panaginip niya. Hindi na unan ang kinahihimlayan niya kundi ang makinis na balat ni Elisha. Parang naririnig pa nga niya ang ungol ng pagsang-ayon ng babae.

Hinagkan-hagkan niya iyon. Pinagapang pa ang labi patungo sa pisngi nito, hanggang sapitin ang malambot na bibig. Ito naman ang sinakmal ng labi at pinagtuunan ng masusing atensyon.

Tumagos ang kawili-wiling sensasyon sa tulog na diwa ni Jean. Noong una ay hindi niya mawari kung ano iyon at dahil tulog pa ang diwa, nagpaubaya siya sa pangahas na labing nananaliksik sa kanyang bibig. Ngunit sa kalaunan ay nagising din siya nang maging mapusok na ang paniniil ng halik ng binata.

Nang magmulat siya ay namilog ang mga mata niya at matuklasan ang ginagawa ni Roel. “Walanghiya! Bastos!” Kasabay niyon ay umigkas ang kamay niya at sinuntok ito.

“Huh?” Mahilu-hilo ito nang matauhan. “A-ano’ng nangyayari?” Lito itong luminga-linga. Nagulat pa ito nang matuklasang nakakubabaw ito sa dalaga.

“Umalis ka nga diyan! Mapagsamantala!” Malakas

niya itong itinulak pero dahil sa laki ng katawan, di man lang ito natinag. “Aliiiss!” gigil niyang utos.

“Ano’ng ginagawa mo sa ’kin?” tanong nito habang hilo pa ring bumangon.

“Ikaw pa ang may lakas ng loob na magtanong niyan? Ako nga itong pinagsasamantalahan mo!” angil niya na nang makaupo ay nagtungo sa kabilang dulo ng kama. “Akala ko pa naman mapagkakatiwalaan ka,” nagbabaga ang mga matang sumbat niya.

“Nananaginip ako. Hindi ko alam ang ginagawa ko....” Sinubukan siya nitong lapitan.

“Tse! Lokohin mo ang lelang mo!” Nagkukumahog siyang tumayo at naghalukipkip sa isang sulok ng silid.

“Jean naman, ano’ng akala mo sa ’kin?” Sumunod ito sa kanya.

“Huwag kang lalapit, kung di uupakan kita!”

“Makinig ka nga. Hindi kita inaano. Nananaginip lang ako, kung di’y hindi kita papatulan.”

Parang nainsulto si Jean sa narinig.

“Akala ko nga ikaw ’yong ka-date ko ngayong gabi,” patuloy nito.

“Puwes! Hindi ako ’yon kaya wala kang karapatang—”

Bago pa makaarangkada ang pagtatalak niya ay inunahan na siya ng pabugsu-bugsong iyak. Nagambala ng pagbabangayan nila ang tulog na mga bata at ipinapahiwatig ng mga ito ang iritasyon.

“Ayan tuloy, nagising sila,” puno ng pang-aakusang sabi ni Roel. Nilapitan nito ang mga bata. “Tahan na... tahan na. Nagulat ba kayo?” tanong nito sa mga ito.

Imbis na tumahimik ay lalong lumakas ang iyak ng dalawa.

“Kita mo na ’yang ginawa mo,” baling ulit nito sa kanya. “Paano ngayon ’yan?”

“Gutom na siguro sila, ’no! Kanina pa sila dumede. Ipagtimpla mo na nga sila ng gatas.”

Nang makasuso, akala nila ay babalik na sa pagtulog ang dalawa. Pero nang ilapag nila ang mga ito sa kama ay umingit ang mga ito at sumikad-sikad.

“Ano na naman ang gusto nila?” tanong ni Roel.

“Baka gusto pang magpakarga,” sapantaha ni Jean.

“Ano? Naku, tumigil-tigil sila! Nasasanay na yata nang husto ang mga ’yan,” protesta nito. “Hayaan natin silang umiyak at baka ma-spoil sila.”

Hindi nga nila binuhat ang dalawa. Nanatili silang nakatanghod lang sa mga ito at natetensyon habang pinapanood ang nagliligalig na mga bata. Tumingin naman sa kanila ang mga ito na parang hinihintay na kargahin sila. Nang walang mangyari ay tuluyan nang umiyak ang mga ito.

“Ano? Hahayaan ba natin silang mamaos?” sarkastikong tanong niya nang pinupuno na ng malakas na iyak ang silid.

“Ini-spoil mo, eh. Konting ingit, kinakarga mo na,” paninisi nito.

“Alangan namang pabayaang ko silang iyak nang iyak. Kawawa naman.”

Habang nagtatalo sila ay nakikipagsabayan ang dalawang sanggol sa pag-iyak.

“O siya, siya, kargahin mo na si Nina,” pagsuko ni Roel nang hindi na matiis ang tensyong nadarama sanhi ng malakas na ingay.

Pero nayamot na yata nang husto ang mga sanggol, hindi na sapat lang ang basta kargahin sila.

Namerwisyo pa rin ang mga ito. Ipinaghele na nila ang kalong na mga bata at inilakad-lakad na pero patuloy pa rin ang mga ito sa pagngalngal.

Kahit naman maluka-loka na si Jean, lihim siyang natawa nang mapagmasdan sa full-length mirror ang hitsura nila ng binata. Kung may makakakita sa eksenang iyon, sino ang hindi mag-aakalang mag-asawa sila ni Roel na natataranta sa kanilang mga panganay?

Mayamaya ay natagpuan na lang niya ang sariling humuhuni ng isang lullaby. Hindi nagtagal at humina ang pag-iyak ng karga niyang si Nina.

“Umuubra pala ’yan,” puna ni Roel. Sinubukan nitong kumanta. Tumigil din sa pag-atungal si Inna at iniangat ang ulo sa pagtatangkang tingnan ang mukha ng kumakarga rito.

Nagpapasalamat na napaupo sa gilid ng kama ang binata at inilapag sa kandungan ang bata habang patuloy ang pag-awit nito ng kantang walang katuturan.

Tinitigan siya ni Inna. Mayamaya ay kumibut-kibot ang bibig nito at nagpakawala ng tunog.

“Tingnan mo, o, gumagaya siya,” tuwang bulalas nito. “Ay, ngumiti pa. Ang cute naman!”

“Oo, ang cute nga nila,” sang-ayon ni Jean. “Kawawa namang mga bata,” mahina niyang nausal.

“Paano kaya sila nakayang iwan ng ina nila?” sambot nito na narinig pala ang sinabi niya.

“Malamang nga’y sa sobrang desperasyon. Pero hula ko, babalikan niya agad ang mga ’to kapag nakapag-isip-isip na siya. Kaya nga ayokong ibigay sila agad kung kanino,” aniya.

Napatingin kay Inna ang binata. Kakatwang sa maikling sandaling pananatili ng mga bata sa piling nila ay nakaramdam na rin siya ng simpatya sa mga ito. Lalo kapag naiisip niyang ang liliit pa ng mga ito at nang mga panahong iyon ay walang ibang nagmamalasakit sa mga ito kundi sila ni Jean. “Tingnan na lang natin kung ano’ng mangyayari sa susunod na dalawang araw,” sabi niya.

Ilang minuto pa nilang inawitan ang mga bata bago unti-unting sumara ang mata ng mga ito.

Nang tuluyang makatulog ang dalawa ay maingat nilang inilapag sa kama ang mga ito.

Sa pagkakataong iyon, hindi na nagturuan sina Roel at Jean kung sino ang unang matutulog. Nakaupo sila sa magkabilang gilid ng kama at pinagmamasdan ang mga bata ngunit sa sandaling sumayad ang mga

Ikaw Ang Tanging Ligaya - Kayla Caliente

ulo nila sa headboard ay kaagad na silang nakatulog.